# Disaster Risks and Needs Assessment Tool

## Instrumento sa Pag-aaral ng mga Kinakaharap na Panganib at Pangangailangang Pangsakuna

Gabay sa Gumagamit

PHILIPPINE PREPAREDNESS PARTNERSHIP
APP ASIAN PREPAREDNESS PARTNERSHIP
adpc

Copyright © 2022 ng Philippine Disaster Resilience Foundation, Inc., Center for Disaster Preparedness, at ng Office of Civil Defense – mga grupong sama-samang kinikilala bilang Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP), lokal na platapormang tripartite ng Asian Preparedness Partnership (APP) sa ilalim ng Asian Disaster Preparedness Center (ADPC) na sinusuportahan ng Bill and Melinda Gates Foundation at ng United States Agency for International Development – Bureau of Humanitarian Assistance (USAID-BHA).

**Philippine Disaster Resilience Foundation**
2/F Employee Services Building,
Meralco Compound Ortigas Ave.
Pasig City 1600, Philippines
pdrfcentral@pdrf.org.ph

# Nilalaman

Mga Mensahe Mula sa mga Miyembro ng PHILPREP ........ 1
Kahulugan ng mga Salita ........ 7
Tungkol sa Gabay sa Gumagamit ........ 8
Tungkol sa Checklist ........ 9
Instrumento sa Pagtatasa ng Panganib at Pangangailangang Pangsakuna ........ 12
Kahinaan Batay sa Lokasyon ........ 15
Pagtingin sa Posibilidad ng mga Kinakaharap na Panganib ........ 18
Imbentaryo ng Pagtatasa ng Pangangailangan bago ang Sakuna ........ 21
Pagtingin sa Antas ng Posibilidad ng mga Epekto ........ 30
Panghuling Salita ........ 37
Makatutulong na Links ........ 38

MGA MENSAHE MULA SA MGA MIYEMBRO NG

# Philippine Preparedness Partnership



## Edwin M. Salonga
***Country Program Manager, Philippines***
Asian Disaster Preparedness Center (ADPC)

Pangunahing saligan ng ating lokal na ekonomiya ang mga micro, small, at medium enterprises (MSMEs). Ayon sa 2020 List of Establishments of the Philippine Statistics Authority (PSA), 99.51% ng kabuuang bilang ng mga negosyo sa bansa ay mga MSME. Ibinibigay nila ang 62.66% ng kabuuang bilang ng trabaho sa Pilipinas. Ngunit, sa kabila ng mahalagang gampanin ng mga MSME sa lokal na ekonomikong kaunlaran at pagbibigay ng trabaho, sila ay nananatiling mahina sa mga epekto ng mga sakuna.

Palagi tayong bukas sa mga pagsisikap at gawaing susuporta sa mga MSME sa pagbubuo ng kanilang kakayahan at pagpapalakas ng kanilang kakayahang umangkop at makabangon (resilience). Dinisenyo ang MSME Disaster Risks and Needs Assessment Tool na ito para sukatin ang kanilang kahinaan sa mga kinakaharap na panganib (disaster risks) ng kanilang mga negosyo. Gamit ang instrumentong ito, ang mga MSME ay mas makapaghahanda para sa, makatutugon, at makababangon mula sa mga epekto ng mga sakuna.

Bilang Secretariat ng Asian Preparedness Partnership (APP), binibigyang-papuri ng Asian Disaster Preparedness Center (ADPC) ang mga indibidwal at mga organisasyon na bumuo ng MSME Disaster Risks and Needs Assessment Tool na ito. Nananatili ang aming pangakong susuportahan ang mga gawaing pangkaunlaran ng Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP) sa patuloy na pagbubuo ng kakayahan ng mga MSME tungko sa sustenableng kaunlaran. Kami ay nananawagan sa mga indibidwal, pamilya, at mga organisasyon na patuloy na magtulungan sa pagbubuo ng mas ligtas, disaster-resilient, at climate change-adaptive (kayang umangkop sa pagbabago ng klima) na mga pamayanan.



**Loreine B. Dela Cruz**
***Executive Director***
Center for Disaster Preparedness (CDP)

Mahalagang bahagi ng isang pamayanang resilient ang pagbubuo at pagpapalakas ng kakayahan. Ang pagsisiguro na ang mga myembro ng pamayanan ay may tamang kaalaman at mga paraan upang harapin ang mga bantang panganib ay dapat nangunguna sa pagbawas nito. Habang dumadalas at lumalakas ang mga bantang panganib taun-taon, unti-unti ring tumataas ang antas ng kahinaan at risk ng mga lokalidad, na siyang humahantong sa mas malaking pagkawasak at kawalan ng buhay at kabuhayan. Bilang ang mga MSME ang pangunahing sandigan ng pambansang ekonomiya, ang dagok sa sektor na ito ay dagok sa pampinansyal na katatagan at kaligtasan ng bansa. Bilang grupong nanganganib, kinakailangan na ang mga MSME ay may sapat na kagamitan sa pagpapababa ng kani-kanilang kahinaan. Ito ay nagsisimula sa antas ng pag-aaral o pagtatasa ng risk.

Sa layuning ito, isinaisip na ang MSME Disaster Risk and Needs Assessment Tool ay makapagbibigay sa mga MSME ng kakayahang sukatin ang kanilang kahinaan sa mga kinakaharap na panganib dulot ng sakuna at tiyakin ang kanilang pangangailangan sa tuntunin ng kaalaman, kasanayan, at pinagkukunang-yaman para makaiwas, mabawasan, at malimitahan ang epekto ng mga sakuna sa kanilang mga negosyo. Gamit ang instrumentong ito, inaasahang makakaya ng mga MSME ang mahalagang unang hakbang para protektahan ang kanilang mga negosyo, at makatulong sa pagbuo ng mas resilient na ekonomiyang pambansa.



## Undersecretary Ricardo B. Jalad

***Administrator***, Office of Civil Defense (OCD)
***Executive Director***, National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC)

Isang mainit na pagbati sa Philippine Disaster Resilience Foundation, Center for Disaster Preparedness, at lahat ng myembro ng Asian Preparedness Partnership – Philippine Preparedness Partnership (APP-PhilPrep) sa matagumpay na paglalathala ng Micro, Small and Medium Enterprises (MSME) Disaster Risks and Needs Assessment Tool. Talaga naman, ito ay isa ring magandang kinalabasan ng mabisang pagtutulungan sa pagitan ng pamahalaan at ng pribadong sektor sa pagsisigurong ang bansang Pilipinas ay protektado mula sa hagupit ng mga bantang panganib at sakuna.

Palagay ang aming loob na ang instrumentong ito ay tunay na makatutulong sa mga MSME na sukatin ang kanilang kahinaan sa mga disaster risk at tiyakin ang kanilang mga pangangailangan sa tuntunin ng kaalaman, kasanayan, at mapagkukunang-yaman para makaiwas, mabawasan, at malimitahan ang mga epekto ng mga sakuna sa kanilang mga negosyo.

Samantala, aming pinasasalamatan ang ating mga MSME para sa kanilang di-matatawarang suporta sa lahat ng mga gawain ng ating bansa, gayundin para sa kanilang pakikipagtulungan sa mga pagsisikap na maghanda sa mga emergency at pangalagaan ang mga pamayanan mula sa mga panganib ng mga sakuna. Malugod naming ineendorso ang instrumento sa pag-aaral sa lahat ng ating mga MSME para kanilang gamitin sa pagbubuo ng kanilang resilience at patuloy na pagtulong sa ating pagsulong patungo sa pang-ekonomikong pag-unlad at kasaganaan.

Mabuhay!



## Rene S. Meily

***Pangulo***
Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF)

Pangunahing pundasyon ng ekonomiya ng Pilipinas ang mga MSME. Milyun-milyon ang umaasa sa mga negosyong ito para sa kabuhayan at trabaho. Partikular ang pribadong sektor sa mga nakatuon sa kanila para ibenta ang kanilang mga kalakal at magbigay ng serbisyo. Kapag may sakuna, ilan sila sa mga pinakatinatamaan kaya ang pagpapalakas sa kanilang resilience sa lahat ng uri ng bantang panganib ang magtatanggol sa ating ekonomiya.

Nagsisimula ang pagbubuo ng kanilang kapasidad sa pag-unawa ng mga maliliit na nagmamay-ari ng negosyo sa mga panganib kung saan sila ay mahina, gayundin sa paraan para umangkop dito. Makatutulong ang Disaster Risk and Disaster Preparedness Needs Assessment Tool sa pagtukoy ng mga kinakaharap na panganib, pati na rin sa pagtitiyak ng kanilang mga kaalaman, kasanayan, at mapagkukunang-yaman. Binuo ang instrumento mula sa pananaliksik ng Social Development Research Center of De La Salle University-Manila, kung saan sila ay nagsagawa ng mga panayam sa mga MSME sa buong bansa. Sila ay tinanong tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagtugon sa iba't ibang mga sakuna.

Inaasahan ng Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF) at ng mga myembro ng Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP) na ang praktikal na instrumentong ito ay makatulong sa mga MSME na gawin ang mga pangunahing hakbang para protektahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga negosyo.



**Dr. Alfredo Mahar Francisco A. Lagmay**
***Executive Director***
University of the Philippines Resilience Institute
(UPRI)

Bilang isang pang-akademiko serbisyo pampublikong tanggapin ng University of the Philippines sa pamamagitan ng pag-aaral ng pananaliksik, pagtatayo ng institusyon, at pagtatasa ng mga hazard, risk, at vulnerability batay sa agham, pinauunlakan ng U.P. Resilience Institute ang pagbuo ng risk and needs assessment tools para sa mga practitioner sa pribadong sektor.

Sa bansang lantad sa iba't ibang bantang panganib na patuloy na pinalalakas ng pagbabago ng klima (climate change), dapat isaalang-alang ng mga MSME ang mga sakuna bilang pangunahing risk factor na kailangang tugunan at limitahan sa pagtatayo ng isang produktibong negosyo. Ang mga MSME, na siyang bumubuo sa mahalagang bahagi ng kabuhayan sa bansa, ay dapat magsagawa ng mga gawaing pang-resilient para masiguro ang matatag na ekonomiya sa panahon ng sakuna. Para magawa ito, kailangan ang masinsing pagtatasa ng mga risk na hinaharap ng mga MSME sa panahon ng sakuna. Ang Disaster Risks and Disaster Preparedness Needs Assessment Tool ay isang praktikal at madaling makuhang paraan para suriin ito. Makatutulong ang instrumento sa pagtukoy ng mga puwang at aspeto para palakasin ang kahandaan sa sakuna. Bilang napakahalagang haligi ng ekonomiya ng Pilipinas, ang resilience ng mga MSME ang nagpapatibay ng pinansyal na katatagan at resilience ng bansa.

Pagbati sa PDRF at Philippine Preparedness Partnership para sa kanilang suporta.

# Kahulugan ng mga Salita

### Pagkalantad (Exposure)

Posibleng kaganapang may kaugnayan sa sakuna na maaaring mangyari o maganap sa isang lugar

### Kinakaharap na Panganib (Risk)

Kundisyong naglalantad sa isang indibidwal sa isang posibleng peligro

### Kahinaan o pagiging bulnerable (Vulnerability)

Estado ng pagiging lantad sa posibilidad ng iba't ibang uri ng sakuna

### Posibilidad (Likelihood)

Kalamangang mangyari na ang sakuna ay tatama sa isang lugar

### Kahandaan sa Sakuna (Disaster Preparedness)

Kahandaan ng isang organisasyon na tumugon sa sakuna sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga hakbang na mas makatutugon sa kahihinatnan ng sakuna

### Pag-aaral o Pagtatasa ng Pangangailangan (Needs Assessment)

Isang proseso ng pagtukoy at pagtugon sa pangangailangan at kakulangan na may kaugnayan sa paghahanda sa sakuna

# Tungkol sa Gabay sa Gumagamit

Hangad ng Gabay na ito ang makatulong sa mga nagmamay-ari at nangangasiwa ng mga Micro, Small, at Medium Enterprise (MSME) na makamit ang nilalaman ng checklist at bigyang kahulugan ang kanilang mga puntos, gamit ang sariling kakayahan.

# Tungkol sa Checklist

Ang Checklist sa Pag-aaral o Pagtatasa ng Kinakaharap na mga Panganib at Pangangailangang Pangsakuna (Disaster Risks and Needs Assessment) ay dinisenyo para maging instrumento na magagamit ng mga MSME upang masukat ang kanilang kahinaan sa mga panganib, at matiyak ang kanilang mga pangangailangan sa tuntunin ng kaalaman, kakayahan, at mga bagay na mapakikinabangan para maiwasan, mabawasan, at mapagaan ang epekto ng mga sakuna sa kanilang mga negosyo.

Ang pagbabalangkas sa mga nilalaman ng checklist ay hinggil sa agham ayon sa resulta ng pananaliksik na isinagawa ng Social Development Research Center ng De La Salle University-Manila. Ang nasabing pananaliksik ay kinasangkutan ng mga panayam sa mga piling MSME mula Luzon, Visayas, at Mindanao na nakaranas ng mga sakuna at pangyayaring di inaasahan sa nakaraan. Nagkaroon din ng mga panayam sa mga pangunahing kinatawan ng lokal na disaster risk reduction management officers at Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry). Nagsagawa rin ng dalawang validation workshops para makakuha ng katugunan at mungkahi para mas paghusayan ang nasabing instrumento. Dagdag pa rito, ang checklist ay ipinaikot sa mga partner ng PDRF para makakalap ng mga komento.

Ang instrumento ay may apat na bahagi: 1) Pag-aaral o Pagtatasa ng Kahinaan (Vulnerability Assessment) Batay sa Lokasyon; 2) Pagtingin sa Posibilidad ng mga Kinakaharap na Panganib (Perceived Likelihood of Disaster Risks); 3) Imbentaryo ng Pagtatasa ng Pangangailangan (needs assessment) bago ang Sakuna; at 4) Pagtingin sa Antas ng Posibilidad ng mga Epekto (Perceived Level of Likelihood of Impacts). Ang mga resulta batay sa mga ito ay maaaring magamit habang gumagawa ang mga MSME ng kanilang mga plano sa paghahanda sa sakuna at plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Para sa mas detalyadong gabay sa pagbubuo ng plano sa pagpapatuloy ng negosyo, mangyaring sumangguni sa MSME Guide to Disaster Resilience na binuo ng ng PDRF kasama ang MSME Resilience Core Group noong 2020. Maaaring ito makuha mula sa https://iadapt.pdrf.org/resources/msme-guide-to-disaster-resilience/

**1. Kahinaan Batay sa Lokasyon** (Vulnerability Based on Location)

Ang bahaging ito ay binubuo ng 18 aytem. Ang bawat aytem na may sagot na “oo” ay nangangahulugang ang MSME ay dapat na bumuo ng mga kontrol sa kinakaharap na panganib (risk controls) para makatugon sa partikular na sakuna na maaaring magmula sa kakaibang katangian ng lokasyon ng negosyo. Para sa layunin ng pagmamarka, ang bawat sagot na “oo” ay may katumbas na 1 puntos. Ang mga sagot naman na “hindi” at “hindi ko alam” ay walang katumbas na puntos.

**2. Pagtingin sa Posibilidad ng mga Kinakaharap na Panganib** (Perceived Likelihood of Disaster Risks)

Ang bahaging ito ay naglalaman ng 12 aytem. Sinusukat nito ang pagtingin sa posibilidad na ang iba’t ibang sakuna ay maaaring mangyari sa mga lugar na may potensyal na makaapekto sa mga MSME. Para sa bahaging ito, ang mga sumasagot ay hinihiling na ipahiwatig ang kanilang pagtingin sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga sumusunod: maaaring-maaaring mangyari, maaaring mangyari, hindi maaaring mangyari, malayong mangyari.

**3. Imbentaryo ng Pagtatasa ng Pangangailangan bago ang Sakuna** (Pre-Disaster Needs Assessment Inventory)

Ang bahaging ito ay naglalaman ng 10 saklaw. Layunin ng imbentaryong ito ang hayaan ang mga MSME na pag-isipan ang mga aspetong kailangang pagbutihan gayundin ang mga pagbabagong kailangang gawin para masigurong sila ay mas handa sa mga epekto ng sakuna sa kanilang mga negosyo. Ang bawat “oo” ay bibigyan ng 1 puntos, habang ang mga sagot na “hindi” ay hindi mabibigyan ng puntos. Ang imbentaryong ito ay magsisilbing listahan o talaan ng mga dapat gawin at paghandaan para malimitahan ang mga panganib at kahinaan ng mga MSME. Ang aytem na may sagot na “hindi” ay nangangahulugang ito ay dapat ayusin ng mga MSME. Ang mga resulta sa instrumentong ito ay makatutulong na bigyang-alam ang mga plano sa kahandaan sa sakuna (disaster preparedness plan) ng mga MSME.

*Paalala na kung ikaw o kayo ay may higit sa isang MSME, gumamit ng dalawang magkahiwalay na form o checklist.*

| Mga Saklaw (Imbentaryo ng Pagtatasa ng Pangangailangan Bago ang Sakuna) | Bilang ng Aytem |
|---|---|
| Pisikal na Katangian ng Imprastraktura ng Negosyo | 8 |
| Pagpaplano sa Pangangasiwa ng Sakuna | 15 |
| Kapasidad sa Pangangasiwa ng Sakuna | 9 |
| Pagkuha ng Impormasyon | 3 |
| Kalakal / Produkto | 4 |
| Kagamitan at Instrumento | 7 |
| Kalusugan, Kaligtasan, at Kapakanan ng mga Empleyado | 6 |
| Kalusugan, Kaligtasan, at Kapakanan ng mga Kliyente | 4 |
| Service Utilities (Tubig, Kuryente, Komunikasyon, at Transportasyon) | 8 |
| Saklaw ng Insurance, Claims, at Kakayahang Pampinansyal | 6 |
| **Kabuuan** | 70 |



### 4. Pagtingin sa Antas ng Posibilidad ng mga Epekto (Perceived Level of Likelihood of Impacts)

Mayroong 49 aytem sa bahaging ito. Layunin nitong malaman ang pagtingin ng mga MSME tungkol sa posibilidad ng mga epekto ng sakuna. Ang mga pagpipilian sa pagsagot sa bahaging ito ay binubuo ng "maaaring-maaaring mangyari", "maaaring mangyari", "hindi maaaring mangyari", at "malayong mangyari".

# Instrumento sa Pagtatasa ng Panganib at Pangangailangang Pangsakuna

## Paglalarawan ng Kumpanya o Negosyo

1. Pangalan ng Kumpanya o Negosyo: ___________________

2.Uri ng MSME:

___Micro (1-9 employees)

___Small (10-99 employees)

___Medium (100-199 employees)

3.Lugar ng negosyo: _____________________________

4. Uri ng Negosyo (Industriya):

___Pagyayari (manufacturing)

___Panuluyan at serbisyong pampagkain (accommodation and food services activities)

___Pakyawan at Tingiang Kalakal (wholesale and retail trade)

___Gawaing pampinansyal at insurance (financial and insurance activities)

___Kalusugang Pantao at Gawaing Panlipunan (human health and social work activities)

___Impormasyon at Komunikasyon (information and communication)

___Edukasyon (education)

___Iba pa, tukuyin: ___________________

## Nakaraang Karanasan sa Sakuna

**1. Anu-anong uri ng sakuna ang naranasan ng inyong kumpanya? Lagyan ng ✓ ang patlang kaakibat ng inyong sagot. Maaaring lagyan ng tsek ang higit sa isang sagot.**

___Bagyo (typhoon)

___Pagbaha (flooding)

___Malaking alon dulot ng lindol o pagsabog ng bulkan (tsunami)

___Lindol

___Pandemya / Endemiko / Epidemya (kalusugang pantao)

___Pandemya / Endemiko / Epidemya (kalusugang panghayop)

___Sunog (fire)

___Pagsabog ng bulkan (volcanic eruption)

___Daluyong ng bagyo o pagtaas ng tubig dahil sa bagyo (storm surge)

___ Iba pa, tukuyin: ________________________

**2. Alin sa mga sumusunod na mga epekto pagkatapos ng sakuna ang naranasan na ng inyong negosyo o kumpanya? Lagyan ng ✓ sa patlang kaakibat ng inyong sagot. Maaaring lagyan ng tsek ang higit sa isang sagot.**

___Pagkasira ng ari-arian

___Pagkasira ng mga kagamitan

___Pagkasira ng mga gamit pangkomunikasyon

___Pagkawala ng kita

___Pagkawala ng trabaho o hanapbuhay

___Pagbabawas ng mga empleyado

___Pagkawala ng buhay

___Pagkawala ng mamimili

___Pagkasira ng mga dokumento ng kumpanya

___Pagbaba ng kita

___Pagtaas ng presyo ng mga kagamitang panangkap (raw materials)

___Pagkagambala sa daloy ng suplay (supply chain)

Kung mayroong hindi nabanggit sa itaas, tukuyin ang mga ito sa espasyong nakalaan:

## BAHAGI I Posibleng Pagkalantad sa Panganib Batay sa Lokasyon

Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Kung sa iyong tingin ay naaangkop ito sa iyong negosyo, markahan ng ✓ ang kahon kaakibat ng iyong sagot. Ang mga pahayag ay masasagot ng "oo", "hindi", o "hindi ko alam". Kung ang iyong sagot ay "oo", ito ay may katumbas na isang puntos. Ang mga sagot na "hindi" at "hindi ko alam" ay walang katumbas na puntos. Isulat ang katumbas na puntos ng bawat item sa huling hanay o column.

| Lokasyon | Oo (1) | Hindi (0) | Hindi ko alam (0) | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| 1. Mas mababa ba sa 100ft ang layo ng iyong negosyo mula sa ilog? | | | | |
| 2. Mas mababa ba sa 100ft ang layo ng iyong negosyo mula sa karagatan? | | | | |
| 3. Mas mababa ba sa 100ft ang layo ng iyong negosyo mula sa lawa? | | | | |
| 4. Ito ba ay nakatayo katabi ng mas mataas na imprastraktura (tulad ng mataas na gusali)? | | | | |
| 5. Ang iyong negosyo ba ay matatagpuan sa o sa paanan ng matarik na gilid ng burol o bundok? | | | | |
| 6. Nakatayo ba sa mababang lugar (at o malapit sa lebel ng dagat) o lugar na laging binabaha ang iyong negosyo? | | | | |
| 7. Matatagpuan ba ang iyong negosyo sa lugar na may napakaraming tao (overcrowded)? | | | | |
| 8. Matatagpuan ba sa isang residential area na may malaking populasyon ang iyong negosyo? | | | | |
| 9. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa lugar na malapit sa iba pang mga establisiyimento? | | | | |

| Lokasyon | Oo (1) | Hindi (0) | Hindi ko alam (0) | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| 10. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa lugar na itinalaga ng LGU bilang mapanganib? | | | | |
| 11. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa lugar malapit sa bulkan o nasa loob ng 6 kilometer danger zone? | | | | |
| 12. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa tabi o malapit sa gasolinahan (i.e., mas mababa sa 100 metrong layo)? | | | | |
| 13. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa tapat o malapit sa (mas mababa sa 100 metrong layo) lugar na madaling magkaaksidente? | | | | |
| 14. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa lugar na may tunggalian (tulad ng giyera, karahasan, extremist movements, mga rebelde)? | | | | |
| 15. Nakatayo ba ang iyong negosyo sa lugar malapit o katabi ang malaking puno (mas mataas pa sa establisyimento)? | | | | |
| 16. Nakatayo ba ang iyong negosyo malapit o katabi ang hindi ligtas na kable ng kuryente? | | | | |
| 17. Nakatayo ba ang iyong negosyo malapit sa pampublikong palengke, pamilihan o mall, o sentrong komersyal? | | | | |
| 18. Nakatayo ba ang iyong negosyo malapit sa isang aktibong fault line? | | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | | |

**Tignan ang sumusunod na talahanayan para sa kahulugan ng iyong kabuuang puntos:**

| Puntos | Kahulugan |
|---|---|
| 0 | Walang panganib |
| 1-10 | Mababang panganib |
| 11-19 | Katamtamang panganib |
| Mas mataas pa sa 20 | Mataas na panganib |

## Pakahulugan

- Ang puntos mula 4 hanggang 13 ay nangangahulugan ng katamtaman hanggang sa mataas na pagkalantad sa panganib. Ang markang mas mataas sa 13 ay nangangahulugang ang iyong negosyo ay nasa lugar na may napakataas na pagkalantad sa panganib, at nangangailangan ng paglipat sa ibang lokasyon.
- Kung ang antas ng iyong pagkalantad ay katamtaman hanggang sa mataas, sumangguni sa iyong lokal na pamahalaan para makita ang *hazard map* ng iyong LGU at matukoy kung talagang kayo ay nasa lugar na naitalang mapanganib. Maaari mo ring bisitahin ang https://hazardhunter.georisk.gov.ph/ para malaman ang lagay ng inyong lokasyon.
- Bagaman mababa ang iyong marka, kailangan mo pa ring bumuo ng plano sa pangangasiwa ng sakuna (disaster management plan) na tumutugon sa mga posibleng panganib na maaari mong harapin. Bilang babala, layunin ng pagmamarka na magbigay ng pangkabuuang litrato ng posibleng kalakhan ng mga potensyal na panganib na maaari mong maranasan. Ngunit, tandaan na kahit ang isang panganib ay posibleng magdulot ng negatibong epekto sa iyong negosyo.
- Para sa mas detalyadong pagtatasa ng risk, maaaring sumangguni sa MSME Guide to Disaster Resilience na maaaring makuha mula sa https://iadapt.pdrf.org/resources/msme-guide-to-disaster-resilience/

## Mga Pagtingin sa Posibleng Panganib ng Sakuna

Sa iyong palagay, ano ang posibilidad na ang mga sumusunod na sakunang nakatala sa ibaba ay magaganap sa inyong lugar?

Sagutin ang mga aytem batay sa iyong karanasan at kaalaman tungkol sa inyong lugar. Bilang ito ay isang pansariling pagtatasa (personal assessment), ikaw ay may kalayaan sa pagtukoy ng posibilidad sa mga pangyayaring ito.

Upang makatulong sa iyong pagsusuri, maaari mong isaalang-alang ang mga sumusunod na kahulugan:

**Maaaring-maaaring mangyari**
Ikaw ay sigurado na ito ay mangyayari;

**Maaaring Mangyari**
Ikaw ay medyo tiyak na ito ay mangyayari;

**Hindi maaaring mangyari**
Ikaw ay medyo tiyak na ito ay HINDI mangyayari;

**Malayong Mangyari**
Ikaw ay sigurado na ito ay HINDI mangyayari.

Kung ang iyong sagot ay "maaaring-maaaring mangyari", ikaw ay magkakaroon ng 3 puntos. Kung ang iyong sagot ay "maaaring mangyari", ito naman ay may katumbas na 2 puntos. Samantala, kung ang iyong sagot ay "hindi maaaring mangyari", ito ay tumutumbas sa 1 puntos. Ang sagot na "malayong mangyari" ay walang katumbas na puntos.

| Tugon | Puntos |
|---|---|
| Maaaring-maaaring mangyari | 3 |
| Maaaring Mangyari | 2 |
| Hindi maaaring mangyari | 1 |
| Malayong Mangyari | 0 |

Markahan ng tsek (✓) ang kahong tumutumbas sa iyong sagot.

| Kinakaharap na Panganib | Pagtingin sa Posibilidad ng mga Kinakaharap na Pangsakunang Panganib | | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| | Maaaring-maaaring mangyari (3) | Maaaring Mangyari (2) | Hindi maaaring mangyari (1) | Malayong Mangyari (0) | |
| 1. Bagyo | | | | | |
| 2. Lindol | | | | | |
| 3. Pagbaha | | | | | |
| 4. Pagguho ng lupa (landslide) | | | | | |
| 5. Malaking alon dulot ng lindol o pagsabog ng bulkan (Tsunami) | | | | | |
| 6. Daluyong ng bagyo o pagtaas ng tubig dahil sa bagyo (storm surge) | | | | | |
| 7. Pandemya/ endemiko/epidemya (pantao) | | | | | |
| 8. Pandemya/ endemiko/epidemya (panghayop, hal: sa mga baka, manok) | | | | | |
| 9. Sunog | | | | | |
| 10. Pagsabog ng bulkan | | | | | |
| 11. Malaking tagtuyot (El Niño) | | | | | |
| 12. Malaking tag-ulan o taglamig (La Niña) | | | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | | | |

**Tignan ang sumusunod na talahanayan para sa kahulugan ng iyong kabuuang puntos:**

| Puntos | Antas ng Kinakaharap na Panganib |
|---|---|
| 0 | Walang kinakaharap na panganib |
| 1-10 | Mababa ang kinakaharap na panganib |
| 11-19 | Katamtaman ang kinakaharap na panganib |
| 20-36 | Mataas ang kinakaharap na panganib |

## Pakahulugan

- Hindi alintana sa iyong grado (maliban kung ito ay 0), dapat mong isaalang-alang ang pagsangguni sa iyong Local Disaster Risk Reduction Management Office (LDRRMO), mga inhinyero ng kumpanya (kung mayroon), o kahit sinong nauugnay na pamahaalan o non-government organizations upang malaman ang nararapat na gawin para masigurong ang mga posibleng epekto ng sakuna sa inyong lugar ay malimitahan. Ang paglipat sa ibang lugar ay maaaring pag-isipan, lalo na ng mga may gradong 10 pataas.
- Kung ang iyong grado ay nasa 1 hanggang 36, ang iyong kumpanya ay dapat na sumailalim sa pagsasanay o training para makabuo ng isang komprehensibong plano sa pagpapatuloy ng negosyo (business continuity) at paghahanda sa sakuna (disaster preparedness).

## BAHAGI III Imbentaryo ng Pagtatasa ng Pangangailangan bago ang Sakuna

Layunin ng imbentaryong ito ang tiyakin kung ikaw ay mayroon nang pinagkukunang-yaman (resources), imprastraktura, kasanayan, kapasidad, mga protokol, kaayusan, at sapat na mga tauhan para malimitahan o mapagaan ang mga potensyal na negatibong epekto ng mga sakuna sa iyong negosyo. Ang mga aytem ay masasagot ng "oo" o "hindi". Basahin ang mga sumusunod at lagyan ng tsek ✓ ang kahong tumutumbas sa iyong sagot. Ang sagot na "oo" ay makakakuha ng 1 puntos, habang ang sagot na "hindi" ay walang katumbas na puntos.

| Mga Pahayag | Oo (1) | Hindi (0) | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Pisikal na Katangian ng Imprastraktura ng Negosyo / Pangkaligtasang Protokol** (Physical Features of the Business Infrastructure/Safety Protocols) | | | |
| 1. Gawa ba sa matibay na materyales ang lugar ng inyong negosyo (site/factory/establishment)? | | | |
| 2. May firewall bang binuo sa lugar ng inyong negosyo (site/factory/establishment)? | | | |
| 3. Mayroon bang mga *emergency fire exits* na naka-ayon sa batas (hal. may wastong label, emergency light) ang lugar ng inyong negosyo (site/factory/establishment)? | | | |
| 4. May nakakabit bang sliding bolts o child-proof latches ang pinto ng inyong mga kabinet? | | | |
| 5. Kayo ba ay nagsasagawa ng regular (buwan-buwan, quarterly) na mga check-up sa pagpapanatili ng istruktura (regular na naka-iskedyul na inspeksyon ng gusali at mga kagamitan)? | | | |
| 6. May kaalaman ka ba o ang iyong mga empleyado/tauhan sa pagtatasa o pag-aaral ng kaligtasan at katibayan ng inyong business site laban sa mga bagyo at lindol? | | | |
| 7. Mayroon ba kayong kopya ng pinakabagong bersyon ng hazard map ng inyong barangay? | | | |
| 8. Regular (taun-taon) niyo bang tinatalakay ang hazard map kasama ang inyong mga empleyado/tauhan? | | | |

| Mga Pahayag | Oo (1) | Hindi (0) | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Pagpaplano sa Pangangasiwa ng Sakuna** (Disaster Management Planning) | | | |
| 9. Ang inyo bang kumpanya ay mayroong plano sa paglisan (evacuation plan) na nakalagay sa estratihikong lugar? (hindi limitado sa mapa ng paglisan o evacuation map) | | | |
